REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-287**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD NA HINIHILING SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA PAMAMAGITAN NG ATING PUNONGLUNGSOD, MGGL. IGNACIO R. BUNYE, NA MAGLAAN NG HALAGANG TATLONG MILYON PITONG DAAN AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (3,750.000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG KALSADA (CULVERT TYPE) SA DAKONG SILANGANG BAHAGI NG PALIKO RIVER SA PAGITAN NG BULI AT CUPANG.**

************************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Kasamang nagpanukala: **Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod**

************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Panglungsod ay binibigyan ng kapangyarihan na magsabatas, magpatibay ng resolusyon at maglaan ng kaukulang pondo para sa mga proyektong magtataguyod ng kagalingang paglipunan ayon sa Sec. 447 (2) (I) ng RA 7160 o Local Government Code.

**SAPAGKAT,** ang kalsadang ito ang magsisilbing daan ng mga naninirahan sa Bagong Pook at ng mga nasa gilid patungong plaza ng Barangay Buli kung saan naroroon ang Barangay Hall, Health Center, Multi-Purpose Hall at ng pambarangay na palaruan.

**SAPAGKAT,** ang nasabing daan ay siya ring gagamitin sa pondohan ng mga mangingisda at magbibigay sigla sa proyektong pangkabuhayan tulad ng palengkeng pambarangay at iba pang kauri nito.

**SAPAGKAT,** ito rin ay magsisilbing paradahan ng mga sasakyan ng mga taga-Buli at taga - Cupang na walang garahe upang makatulong sa pagpapaluwag ng trapiko sa langsangang pamprobinsiya na programa ng ating Punonglungsod.

**SAPAGKAT,** ang paglalaan ng halagang **TATLONG MILYON PITONG DAAN AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (3,750.000.00)** mula sa pondo ng Pagawaing Bayan (Infrastructure Projects) ay kinakailangan upang mabilis na maisakatuparan ang nasabing proyekto base na rin sa pag-aaral at pagtutuos ng Tanggapan ng Inhinyeriya.

**SAPAGKAT,** ang proyektong ito ay maaari ding ikuha o pondohan sa natitirang Standby Loan na nagkakahalaga ng P120 million na siyang nakalaan para sa proyektong imprastruktura ng ating lungsod.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang hinihiling sa ating Punonglungsod, Mggl. Ignacio R. Bunye, na maglaan ng halagang **TATLONG MILYON PITONG DAAN AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (3,750.000.00)** para sa pagpapagawa ng kalsada (Culvert Type) sa dakong silangang bahagi ng Paliko River sa pagitan ng Buli at Cupang.

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na hilingin sa Pinuno ng Badyet na mapasama ito sa ilalim ng binabalangkas na Supplemental Budget para sa taong 1996.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 27 ng Mayo, 1996, sa ginanap na ika - 40 Regular na Sesyon ng Sangguniang Panglungsod.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**(Official Leave)**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KON. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong Barangay

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**(Liban)**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**(LIban)**
**KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINATUTUNAYAN:

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINAGTIBAY:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod